



About BCCDC

The BC Centre for Disease Control (BCCDC) provides provincial and national leadership in public health through surveillance, detection, treatment, prevention and consultation services.

The Centre provides both direct diagnostic and treatment services for people with diseases of public health importance and analytical and policy support to all levels of government and health authorities.

BCCDC investigates and evaluates the occurrence of communicable diseases in BC and is the provincial reporting centre for reportable cases and categories of communicable diseases.

In addition, the Centre creates opportunities for scientists, health professionals, university and other partners to contribute their knowledge and experience in resolving the outstanding health challenges facing British Columbians.



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Partners sa Pangangalaga

Partners in Care

Tagalog

Paano makontak ang BCCDC

655 West 12th Ave
Vancouver, BC V5Z 4R4

Main Tel: 604.707.2400
STI Clinic: 604.707.5600
TB Clinic: 604.707.2692
TB Clinic (New West): 604.707.2698

Website: www.bccdc.ca

Ang aming partner sa pangangalaga

Ikaw ay mahalagang miyembro ng aming pangkat sa pangangalaga. Hinihikayat ka naming sumali sa iyong pangangalaga, at eto ang ilang mga mungkahi kung paano mo ito magagawa.

1. Ipakilala ang iyong sarili

Mahalaga ang malaman namin na inaalagaan namin ang tamang tao, at hihingan ka namin ng dalawang paraan upang patunayan kung sino ka.

Maaaring tanungin ang iyong pangalan, apelyido, hingng makita ang iyong health card, malaman ang iyong petsa ng kapanganakan, o makita ang iyong driver's licence o ibang mga ID.

2. Magtanong

OK lang ang magtanong kung mayroon kang hindi naiintindihan tungkol sa iyong pangangalaga.

Humingi ng nakasulat na impormasyon na maiuuwi mo. Isulat ang mga katanungan upang hindi mo sila makalimutan.

Humingi ng interpreter kung mahina ang iyong pandinig o kung hindi mo pangunahing wika ang Ingles.

3. Iwasan ang mahulog

Alamin ang mga sitwasyon kung saan maaari kang mahulog.

Sabihin sa amin kung maaaring mas madalas kang mahulog dahil ikaw ay mayroong isang kondisyon (halimbawa, seizure disorder, mahina ang balanse, parang hihimatayin).

Sabihin sa iyong clinician kung ikaw ay dating nagkaroon ng pagkahilo, pakiramdam na magaan ang ulo, o kung ikaw ay hinimatay nang nakakita ng karayom o nang kinuhanan ka ng dugo.

Ireport ang anumang mga sintomas tulad ng pagkahilo, at pakiramdam na magaan ang ulo.

Sabihin sa pangkat ng pangangalaga kung ikaw ay nahulog sa nakaraang 3 buwan at/o maaaring mangailangan ng wheelchair.

4. Mga gamot

Sabihin sa amin kung ikaw ay mayroong anumang allergy, halimbawa, mga reaksiyon sa gamot, pagkain, latex, at band-aids.

Sabihin sa amin kaagad kung nagkaroon ka ng masamang reaksiyon sa anumang gamot.

Magdala ng listahan ng iyong mga kasalukuyang ginagamit na gamot sa bahay, kabilang ang vitamins, herbals, inhalers, at mga hindi de-resetang gamot.

Kung napansin mo na ang itsura ng gamot ay naiiba sa ibinigay sa iyo dati, hilingin kaming itsek ang gamot at ipaliwanag kung bakit ito nagbago.

Siguraduhing panatilihin up-to-date ang listahan. Maaari kang gumamit ng medication card para sa listahang ito.

Magtanong kung hindi ka sigurado tungkol sa layunin ng gamot o kung paano ito iinumina o gagamitin.

5. Itigil ang pagkalat ng mga mikrobyo

Gumamit ng alcohol hand sanitizer o sabon/tubig pagkatapos umubo o bumahing, pagkatapos gamitin ang washroom/magpalit ng diaper, o hipuin/iksaminin ang paligid ng iyong ari.

Takpan ang iyong bibig/ilong gamit ang tisyu kapag ikaw ay umubo o bumahing, pagkatapos ay itapon ang tisyu sa basurahan at agad na hugasan ang iyong mga kamay. Kung wala kang tisyu, umubo o bumahing sa iyong manggas at hindi sa iyong kamay.



6. Pagka-pribado

Ang iyong pagka-pribado ay mahalaga sa amin at lubos kaming nag-iingat upang protektahan ang iyong impormasyon.

Kung nais mong magkaroon ng kopya ng iyong mga resulta sa health care, mangyaring sabihin sa iyong health care provider sa panahon ng iyong testing. Kailangan kang magpakita ng isang photo ID.

Mangyaring huwag kumuha ng mga retrato kahit kailan alang-alang sa pagka-pribado ng ibang mga kliyente.

7. Ang Iyong Mga Karapatan

Mayroon kang karapatang:

- Malaman ang mga pangalan at mga tungkulin ng mga miyembro ng iyong pangkat sa health care.
- Makatanggap ng mabisang pangangalaga na maunawain, nasasapanahon, at nagbibigay-respeto sa iyong mga naiibang pananaw, kultura, spiritwal na tradisyon, gender identity, gender expression, sekswal na oryentasyon, at mga kakayahan.
- Makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong health care, sa isang wikang nauunawaan mo, sa tulong ng isang interpreter sa isang 3-way na tawag sa telepono, pribadong interpreter na binayaran ng kliyente; mayroon ka ring pagkakataon -- nang may makatwirang hangganan -- na magkaroon ng isang pinagkakatiwalaang kaibigan/kapamilya na pipiliin ng kliyente, kung ito ang iyong kagustuhan.

- Gumawa ng choices tungkol sa mga paggamot kung ito'y maaaring piliin, at malaman ang mga panganib at mga benepisyo sa kalusugan ng mga ganoong desisyon.
- Mapakinggan at magkaroon ng panahon upang makapagtanong.
- Mapanatiling kompidensiyal ang iyong personal na impormasyon sa kalusugan at maprotektahan ang iyong pagka-pribado.
- Asahan na magtutulungan ang mga miyembro ng iyong pangkat sa health care.
- Magpahayag ng mga alalahanin tungkol sa pangangalaga/serbisyo at malaman ang proseso upang magawa ito.

8. Ito ang iyong mga pananagutan:

- Lumahok at gumawa ng may-kaalamang choices tungkol sa mga bagay na umaapekto sa iyong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan.
- Huwag gawin ang masasamang kilos sa mga tauhan, tulad ng:
 - karahasan o paglabag ng karahasan
 - pasalitang abuso
 - sekswal na panliligalig o 'di-akmang sekswal na kilos
 - paggamit ng alak o mga 'di-legal na droga habang nasa lugar ng trabaho
 - paninigarilyo habang nasa lugar ng trabaho
- Ipahayag na ikaw ay nasiyahan o 'di-nasiyahan sa (mga) serbisiyong natanggap mo.
- Sabihin ang iyong mga ideya na maaaring magpahusay sa pagbigay ng serbisyo.
- Bigyan ng respeto ang ibang mga kliyente, mga estudyante, at mga tauhan.
- Pagsunod sa iyong care plan sa iyong pinaka-makakaya.
- Sundin ang lahat ng mga utos sa kaligtasan, pamamaraan, at emergency mula sa staff at mga tauhan sa emergency.
- Mag-iskedyul muli/magkansela kapag hindi ka makakapunta sa isang appointment upang ang ibang kliyente ay mabigyan ng pagkakataong makipagkita sa isang doktor.

9. Pag-ulat ng mga alalahanin

Kung mayroon kang alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, mangyaring talakayin ito sa amin at mismong kontakin ang isang tauhan o hilinging makausap ang isang supervisor/manager, o punan ang isang comment card.

Kung hindi ka nasisiyahan sa sagot, mangyaring kontakin ang Patient Care Quality Office sa 1.888.875.3256 o mag-email sa: pcqo@phsa.ca